

1

Nakaupo si Fire sa tabi ng pool ng kanyang bahay nang tumabi sa kanya si Adam dela Cuesta. Hindi niya alam kung sino ang nagpapasok dito. Pero dahil ito ang pinanggagalingan ng pambayad niya sa maintainance ng bahay na ito ay hindi na siya nagprotesta sa pagsulpot nito nang walang pasabi. Bukod pa roon, si Adam ay tagapagdala ng magagandang pangyayari sa buhay niya kung kaya welcome itong dumating doon kahit kailan nito gustuhin.

He had brought her things that had changed her life. Naalala pa niya nang una niya itong makita...

Nasa Boracay siya noon. Wala siyang permanenteng trabaho at nagpapalipat-lipat sa iba't ibang establishments at gumagawa ng mga odd jobs – substitute waitress siya sa isang hotel, bartender sa isang beachfront restaurant, spa masseuse na rin kung minsan. Mabuti na lang at madali siyang matuto ng mga bagay-bagay. Sabi ng isa niyang kakilala, physically gifted daw siya. Isang beses lamang ipakita sa kanya ang isang galaw na nangangailangan ng paggamit ng kanyang katawan ay nagagawa na niya iyon agad. She learned gymnastics when she was three years old, she took ballet when she was six at nagsisimula na si Fire ng lessons bilang acrobat sa China bago naaksidente ang kanyang daddy na isang ambassador doon.

Fire Of Deception - Carla Giopaolo

Nang mamatay ang ama ay napilitan siya at ang kanyang ina na bumalik sa Pilipinas. Sugarol ang kanyang mommy, at nang mamatay ang asawa ay lalo itong nalulong sa casino. Hindi nagtagal ay naubos lahat ang kabuhayang ipinundar ng kanyang ama. Noong eight years old si Fire ay hindi na halos mabayaran ng ina ang tuition sa private school na pinapasukan niya. Nahihiya na siya dahil tuwing exam date ay promissory note ang kanyang dala para makakuha ng examination permit. Nang maging eighteen years old siya, they were dirt poor. Nakatira na sila sa isang one-room apartment na tumutulo ang bubong sa tag-ulan at para kang bini-bake sa oven kung tag-init, dahil iyon lang ang kayang bayaran ng monthly insurance pay-out ng daddy niya. Her mom dropped all pretenses of sending her to school.

Nang panahong din iyon niya na-realize na masyado siyang galit sa ina para manatili sila sa iisang bahay. Ito ang may kasalanan sa lahat ng paghihirap niya kung kaya naglayas siya. Nakipagtanan siya sa boyfriend, isang free-spirited musician na tumutugtog kung saan-saan para may makain, matirahan o kaya ay para lamang sa libreng beer.

Napadpad sila sa Boracay. Hindi sila magkasundo dahil hindi na niya kinakaya ang mala-gypsy lifestyle nito at ang pagiging mapanakit kapag umiinit ang ulo. Naging malimit ang mga iyon dahil mas mahirap palang mabuhay sa paraang gusto nito kapag dalawa silang kailangang kumain. Naghiwalay sila at nagdesisyon si Fire na magpaiwan sa isla dahil marami roong job opportunities sa taong tulad niya.

Mahigit isang taon na siya roon nang may magturo sa kanyang gumamit ng fire poi. Ang fire poi ay dalawang mahabang kable na maaring sindihan ang dulo at pinapaikot habang sinasayawan at gumagawa ng mga exhibitions. She had gotten pretty good at it. Nakatulong din na magaling siyang dancer kaya mas malaki pa ang kinikita niya sa performance niyang iyon kapag araw ng Sabado kaysa suweldo niya sa pinagsama-samang trabaho sa buong Linggo.

Katatapos niya lang mag-perform ng isang maapoy na sayaw at kasalukuyang umiinom siya ng tubig sa tabi ng bar nang lumapit sa kanya ang isang matikas na lalaki. He might not be taller than six feet but he stood with so much power and confidence that she thought he was practically a giant. May hinala rin siyang kaunti lang ang tanda nito sa kanya. But he also had the look of someone who seemed ageless. He would look distinguished at age thirty, fifty or maybe even seventy.

Nakatingin ito sa kanya na para bang kilalang-kilala nito hanggang kaloob-looban niya.

“Hi,” bati ng estranghero sa kanya.

“Hi,” sagot niya.

Sanay siya nang may mga kumakausap sa kanya matapos ang performance. Alam niya ring attractive siya para sa mga kalakihan kaya hindi siya nasorpresa na nilapitan siya nito.

“Guia, right?”

Fire Of Deception - Carla Giopaolo

Tumango siya. For some reason, hindi siya nagtaka na alam nito ang pangalan niya. He also seemed to be the type of man who would know everything.

“Do you want to work for me?” tanong nito.

Kung ito ang tipo ng lalaking tataasan ng kilay ay ginawa na niya iyon. But he didn't seem to be that type of man, too. Ang totoo ay medyo nai-intimidate siya rito. Kapag kinausap ng lalaking ito ang isang tao, sumasagot lang iyon ng ayon sa kung ano ang tinatanong nito nang walang panghuhusga. Judging him would make you feel like judging God.

“Work for you?” ulit niya.

“Yes. I am starting a new company. I need help.”

“Anong kompanya?”

“I have rich and powerful clients who need various things for their businesses – security and logistic support, espionage...”

Napangiti siya. “Ah, parang Charlie’s Angels.”

Natawa ito sa unang pagkakataon. “Yes. You can say that. Parang Charlies’ Angels pero mas simple ang trabaho. We’ll have none of those heavy explosions and jumping off airplanes... well, at least not if we can help it. At hindi tayo konektado sa government although puwede naman tayong makipagtrabaho sa kanila every now and then. It will strictly be a privately owned company.”

Hindi siya nagsalita. Inubos niya ang beer na nasa kanyang harapan.

“Of course, we will be legal,” dagdag nito na para bang nahulaan ang kanyang iniisip. “Tapos ko na lahat ng paperworks na kinakailangan. I filed the necessary permits to run this kind of operation. Pero siyempre, dahil sa nature ng business na ito at dahil pag minsan puwedeng maging client natin sila—tanging mga high-ranking officials and military personnel lang ang nakakaalam ng existence natin.”

“Natin?”

“Guia, please don’t say no. You are a very beautiful, talented young woman... you are worth so much more than what you are giving yourself credit for. Take this job... you will have adventure but you will also have money.”

“Bakit ako?” untag niya.

“You move very well, you are quick on your feet and your eyes tell me that you are extraordinarily intelligent as well. Kailangan ko ng isang team na magko-complement sa skills ng isa’t isa. I need four very intelligent, very beautiful and very promising women. Sa palagay ko, pasadong-pasado ka sa lahat ng criteria.”

Nagpasalamat siya dahil hindi masyadong maliwanag ang lugar. Hindi nito mapapansin ang pagba-blush niya. Wala namang mawawala sa kanya. She had been drifting this past year at baka panahon na para itigil ang walang direksyong pagpapatianod sa

Fire Of Deception - Carla Giopaolo

buhay. This Adam seemed like a good man as any to be an anchor. "I am sure alam mo rin na I have nothing to lose. No one will look for me kung may mangyari sa akin."

Hindi nito itinanggi ang sinabi niya. "Plus points 'yun actually."

Na-appreciate niya ang katapatan sa statement nito. "Okay," sang-ayon niya.

"Welcome to ELEMENTS, Agent Fire."

"Fire?"

"Iyon ang pangalan mo habang nagtatrabaho ka sa akin. Fire," nakangiting sabi nito.

Dalawang taon na siyang nagtatrabaho kay Adam dela Cuesta. Sa panahong iyon ay nagbago nga ang buhay niya. She had a brief moment to reconcile with her mother before she died of some liver disease connected with her addiction to alcohol. Siya at ang kinita niya sa trabaho kay Adam ang sumagot sa ospital at medications nito bago ito pumunaw. At nang mamatay ito, si Adam at ELEMENTS na lang ang iniikutan ng buhay niya.

Ang buong ELEMENTS team ay siya, si Earth, si Wind. Hinahanap pa nila ang isang kasamahan, ang magiging si Rain na kapalit ng naunang Rain dahil nag-quit na ito noong nakaraang linggo lamang. Nakapangalan sila sa mga elements. Hindi niya alam ang totoong pangalan ng mga kasamahan at labag sa policies

na pinirmahan nila na alamin iyon o ang mga personal na bagay tungkol sa mga ito.

It had been a great two years despite the loss of her mother. Nahanap niya ang buhay niya kung tutuusin. At malaki ang utang-na-loob niya kay Adam. Tatanawin niya iyon hanggang mamatay siya.

“May ibibigay akong mission, Fire,” sabi ni Adam.

Nagtaka siya. Kung official business ito, bakit siya sinadya ni Adam sa bahay niya at hindi ipinatawag sa headquarters nila?

As usual, parang nabasa ng kaharap ang iniisip niya. “Sabihin na nating isa itong malaking favor na kailangang kong hilingin.”

Adam was not one to ask favors kaya alam niya ang kahalagahan ng susunod nitong sasabihin.

“My half-brother is getting married.”

“And?”

“We don’t want him to commit the worst mistake of his life.”

She looked thoughtfully at him. Sa pagkakaalam ni Fire, hindi mahilig makialam sa buhay ng kapamilya si Adam kaya nakakapagtaka ang hiling nito. “Hindi ba desisyon niya dapat iyon?”

“Hindi iyon ganoon kadali, Fire. It’s much too complicated than that. Balang araw ay ikukuwento ko sa iyo pero sa ngayon,

kailangan ko lang munang paniwalaan mo ako at isipin ang gagawin natin ay para sa best interest ni Kane.”

Ah, si Kane. Isang beses na niyang nakita si Kane; noong nag-provide sila ng security sa isang VIP party ng mga dela Cuesta.

Isa siya kunwari sa mga waitresses na nag-iikot hawak ang tray ng hoers d’ouvres. Naalala ito ni Fire dahil may isang matandang lalaki, sobrang tanda na nito at sa palagay niya ay ulyanin na kaya inalok niya ng pagkain. Pero imbis na kumuha ay bigla nitong hinawakan ang puwet niya. Sobra siyang nagulat, napaigtad siya at muntik nang mahulog ang tray kung hindi lang naagapan ni Kane ang kabilang side niyon.

Nagkatitigan sila nang panandalian. His eyes were dark and soulful. Nalalamlaman ito ng pinakamakapal na pilikmata na nakita niya sa isang lalaki.

Nagulat na lang si Fire nang muli siyang hawakan ng matanda, sa pagkakataong ito ay sa kanyang baywang. “Sexy darling, let us dance,” sabi nito.

“Tito Ferrer,” sabi ng lalaking may magagandang mata. “Huwag kang mag-flirt sa girlfriend ko. Kaming dalawa ang sasayaw.”

“Kane, is she your girlfriend?” Nanliit ang mga mata ng ulyanin at tila lasing na lasing na matanda.

“Yes, Tito.”

Fire Of Deception - Carla Giopaolo

“Then why leave her alone? N’ung kabataan ko, ang ganyan kagandang babae ay hindi iniwang mag-isa,” sabi nito sabay talikod sa kanilang dalawa.

Nagkatinginan silang dalawa. Nagkatawan. Nako-concious na itinaas ng dalaga ang kanyang kamay para ayusin ang buhok nang ma-realize niya na nakatago ang mahaba niyang buhok sa napakaiksing wig.

“So do you think we can dance? Bago ka pa tsansingan ulit ng uncle ko,” nakangiti ang matang sabi ni Kane.

Bukod kay Adam ay wala pang lumapit sa kanya na tulad nito. He looked like some kind of royalty. Iyon nga lamang, hawak nito ang tray ng pagkain na kanina ay siya ang may dala.

Nang mapansin iyon ni Fire ay naalala niya ang sarili. “Sorry po, Sir. Naka-duty po kasi ako. Hindi po puwede sa aming makisayaw sa guests,” aniya rito.

“Sayang.”

Tinitigan siya nito pero hindi siya nag-alala na makaka-jeopardize iyon sa kanyang trabaho. Alam niyang matapos ang araw na ito ay hindi siya makikilala ng binata. Pinaitim ang balat niya para sa okasyong iyon, nakasuot siya ng gray contact lenses, dinagdagan ang kilay niya at pinakapal nang bahagya ang labi. She was made up for an undercover assignment.

“Kane, Dearie, there you are.” Isang babae ang kumapit sa

Fire Of Deception - Carla Giopaolo

braso nito. The girl was fashionably thin. Kita sa alahas na suot ang estado sa buhay at may attitude ng possessiveness sa lalaking nasa pagitan nila.

Kinuha niya ang tray kay Kane. "Thank you, Sir."

"No problem," anito na tila hindi napapansin na hindi nito inaalis ang tingin sa kanya.

"Waitress, can you get me a glass of red wine?" anang babae. Alam niyang paraan iyon para ilagay siya sa puwesto niya.

"No, Alice. Bakit hindi na lang tayo ang kumuha ng red wine sa bar," alok ni Kane. May pakiramdam siyang hindi nito nagustuhan ang pag-uutos sa kanya ng kasama nito.

"Sure, Sweetie." Halos hilahin nito si Kane palayo sa kanya.

Nagbuntong-hininga si Fire nang makaalis ito.

"Ang guwapo noon, aminin mo." Biglang tumunog ang piyesang nakakubli sa tainga niya. Si Wind ang nagsalita.

"I know," sabi niya.

"Who is the bi-atch?"

"Girlfriend niya siguro."

"Hmph," ani Wind. "Kahit pinakapal natin ang kilay mo, mas maganda ka pa rin. And I bet, he thinks you're hot. Parang hinubaran ka lang naman sa isang tingin kanina."

Fire Of Deception - Carla Giopaolo

“Wind, nasaan ka?” Luminga siya dahil halatang napanood ng kapwa niya agent ang eksena.

“Oh, I am here. Nagpapanggap pa ring events organizer ng kapatid ni Kane.”

“Kapatid ni Adam si Kane?”

“Yes, Dearie. Half-brother actually.”

Sa kasalukuyan ay tiningnan niya ang kausap. “Ano’ng gagawin ko, Adam?”

“Medyo sketchy ang plans na ito dahil kagabi lang namin nabuo ni Daddy, so bear with me. Kailangan mong mag-improvise along the way.” Sinimulan nitong ipaliwanag sa kanya ang plano nito.